| | | |
|---|---|---|
| PhilHealth Your Partner in Health | **TAMANG SAGOT (TS)**<br>**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular** | |
| | **Circular No.** | **2023-0005** |
| | **Title** | **Z Benefits Package for Colon and *Rectal* Cancers *(Revision 1)*** |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Ano ang Z Benefits para sa Colon at Rectal Cancers? | Ito ay benepisyo para sa mga pasyente na kumpirmadong mayroong colon o rectal cancer na nasa stage I hanggang stage III ayon sa pagsusuri. Ang layunin ng benepisyong ito ay makapagbigay ng mga kaukulang serbisyo para sa paggamot ng sakit na ito katulad ng operasyon at chemotherapy/ radiotherapy. |
| 2. Ano-ano ang mga benepisyo na maaaring ma-avail sa pakete ng Z Benefits para sa Colon at Rectal Cancer? | Ang mga sumusunod ay sakop ng benepisyong ito:<br><br>**Colon Cancer:**<br>1. Stage I to II (low risk)<br>2. Stage II (high risk) to III<br><br>**Rectal Cancer:**<br>1. Stage I (clinical and pathologic)<br>2. Pre-operative clinical stage I but with post-operative pathologic stage II – III<br>3. Stage II – III |
| 3. Sino ang maaaring makagamit ng benepisyo ng Z Benefits para sa Colon at Rectal Cancer? | Mayroong batayan o pamantayang sinusunod upang maging kwalipikado ang pasyente sa benepisyong ito. Kinakailangang maaprubahan muna ang pre-authorization ng mga pasyenteng sinuri at kwalipikado sa selections criteria na isinusumite ng isang contracted health facility sa PhilHealth. |
| 4. Ano ang mga kailangang isumite ng contracted health facility upang aprubahan ang pre-authorization ng pasyente? | Ang Z Benefits contracted health facility para sa Colon at Rectal Cancer ay ang magpoproseso ng pre-authorization request ng kanilang pasyente.<br><br>Ang mga kinakailangang dokumento ay ang mga sumusunod:<br><br>• Orihinal na kopya ng preauthorization checklist and request; at<br>• Photocopy ng Member Empowerment Form (ME) Form |

| | |
|---|---|
| | • Photocopy ng MDT Plan<br>• PhilHealth Benefit Eligibility Form (PBEF) |
| 5. Maaari bang magpre-authorization sa iba't-ibang bahagi ng gamutan ng Colon at Rectal Cancer? | Ang contracted health facility ay maaaring mag-apply ng pre-authorization para sa pasyente sa mga sumusunod na treatment phases ng Colon at Rectal Cancer:<br><br>**Colon Cancer:**<br>1. Stage I to II, low risk<br>• Surgery<br>2. Stage II, high risk) to III<br>• Surgery<br>• Chemotherapy<br><br>**Rectal Cancer:**<br>1. Rectal stage I (Clinical and Pathologic Stage) Surgery<br>• Surgery<br>2. Rectal cancer with pre-operative clinical stage I but with post-<br>operative pathologic stage of II – III<br>• Surgery<br>• Chemo-radiotherapy<br>• Chemotherapy<br>3. Rectal cancer, stage II – III<br>• Chemo-radiotherapy<br>• Surgery<br>• Chemotherapy<br><br>Ang pangangasiwa ng pasyente ay naaayon sa rekomendasyon ng mga Multi-displinary Team (MDT) ng contracted health facility. |
| 6. Ilang araw ang bisa ng isang aprubabong pre-authorization? | Ang pre-authorization ng pasyenteng naaprubahan para mag-avail ng Z Benefits para sa Colon at Rectal Cancer ay may bisa sa loob animnapung (60) araw. Kung ang pre-authorization ay nawalan ng bisa, maaaring magsumite ng panibagong pre-authorization checklist and request ang contracted health facility para sa pasyenteng mag-aavail ng Z Benefits. |

| | |
|---|---|
| 7. Ano ang dapat gawin ng contracted health facility kung babaguhin ang treatment plan ng isang pasyente? | Maaaring magpasa ng "Certificate of change of plan" ang contracted health facility. Nakasaad dito ang dahilan kung bakit papalitan ang pre-authorization ng isang pasyente at kailangang lagdaan ito ng kanyang pangunahing doctor. |
| 8. Ano ang babayaran ng PhilHealth kung ang pasyente ay na-diagnose o nag-progress ang colon or rectal cancer sa Stage IV? | Hindi na sakop ng Z Benefits kung nag-progress na ang staging ng sakit na colon or rectal cancer. Kaya naman, ang babayaran ay ang mga mandatory services na nagawa sa pasyente bago maging Stage IV ang nasabing sakit. Ang mga dagdag na serbisyo na hindi sakop ng pakete ay maaaring pabayaran sa pasyente. |
| 9. Ano ang mga uri ng medical record na kailangan sa pasyente? | Ang contracted health facility ay hinihikayat na magkaroon ng "Electronic Medical Record (EMR)" o "registry system" na maaaring magamit sa pagmo-monitor at pagsasaliksik. Ang mga datos na makukuha ay siya namang gagamitin sa pag-aaral ng kasalukuyang polisiya para sa benepisyong ito. |
| 10. Ilang araw ang mababawas sa "Annual benefit limit" ng pasyenteng nag-avail ng Z Benefits para sa Colon at Rectal Cancer? | Ang pasyenteng mag-aavail ng Z Benefits para sa colon at rectal cancers ay mababawasan ng limang (5) araw sa kanyang forty-five (45) days na annual benefit limit anuman ang haba ng pananatili sa isang contracted health facility. |
| 11. Maaari bang mag-avail ulit ang isang pasyenteng nakapag-avail na ng Z Benefits para sa colon at rectal cancer? | Ang isang pasyente na nakapag-avail ng Z Benefits para sa colon at rectal cancer ay maaari pang makapag-avail muli kung siya ay nagkaroon ng tinatawag na "metachronous colorectal tumor, stage I to III" sa ika-anim (6) na buwan mula sa huling gamutan nito para sa colon at rectal cancer. Dapat ay kwalipikado pa rin sa selection criteria at aprubado ang pre-authorization ng pasyente kung mag-aavail muli ng parehas na benepisyo. |

| | |
|---|---|
| 12. Ano ang mga sitwasyon kung saan ang isang pasyenteng nadeklarang "lost to follow-up" ay maaari pang ipagpatuloy ang gamutan sa ilalim ng Z Benefits? | Ang isang pasyenteng nadeklarang "lost to follow-up" ay maaari pang ipagpatuloy ang gamutan sa ilalim ng Z Benefits sa mga sumusunod na sitwasyon:<br><br>1. Kung ang pasyenteng tumangging magpa-chemotherapy pagkatapos ng surgery ay bumalik sa loob ng dalawang (2) buwan mula sa araw ng nakatakdang petsa ng unang sesyon ng chemotherapy at walang ebidensya ng paglala ng kanyang colon o rectal cancer<br><br>2. Kung ang pasyenteng sumailalim sa neoadjuvant chemotherapy ay bumalik sa loob ng labing anim (16) na linggo pagkatapos ng neoadjuvant chemotherapy at walang ebidensya ng paglala kanyang colon or rectal cancer, maaaring ipagpatuloy ng pasyente ang kanyang operasyon sa ilalim ng Z Benefits. Pagkatapos ng labing anim (16) na linggo, ang pasyente ay hindi na karapat-dapat na mag-avail ng Z Benefits. |